Ikapitong Hakbang **ITALAGA ANG IYONG SARILI NA MAKAPAGLINGKOD SA PANGINOON: MANALANGIN, BASAHIN ANG BIBLIA, AT MAGING PATOTOO**

"At anumang hilingin ninyo sa aking pangalan ay gagawin ko upang maparangalan ang Ama sa pamamagitan ng Anak." Juan 14:13 RTPV

"Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya, "Kung tinutupad ninyo ang aking aral, kayo nga'y tunay na mga alagad ko; makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo." Juan 8:31, 32 RTPV

"Sinabi na naman ni Jesus, "Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong isinugo ako ng Ama, isinusugo ko rin kayo." Juan 20:21 RTPV

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Nakahanda po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus na pumasok sa aking puso at buhay bilang sarili kong Tagapagligtas. Nakahanda po ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

PAANYAYA

Kung nais mong makilala ang Panginoong Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, ipadala sa amin ang iyong pangalan at tirahan (isulat sa malalaking titik), at padadalahan ka namin ng libreng kopya ng babasahing, "Pardon For Sin, And Assurance of Peace with God" na isinulat ni W.J. Patton.

Ipadala sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, MAKATI CENTRAL POST OFFICE

PAANO MAKIKILALA ANG DIYOS

PAANO MAKIKILALA ANG DIYOS

Unang Hakbang
KILALANIN MO NA MAHAL KA NG DIYOS

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16 RTPV

" Ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala ka nila, ang iisa at tunay na Diyos, at ang makilala si Jesu-Cristo na iyong isinugo." Juan 17:3 RTPV

"Kung paanong inibig ako ng Ama, gayundin naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig." Juan 15:9 RTPV

Ikalawang Hakbang
TANGGAPIN NA KAILANGAN MO NG TULONG

"Ganito ang paghatol ng Diyos: naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag, sapagkat ang kanilang mga gawain ay masasama." Juan 3:19 RTPV

"Kaya sinabi ko sa inyong mamamatay kayo nang hindi pa napapatawad sa inyong mga kasalanan. Kung hindi kayo maniniwalang 'Ako'y Ako Nga', mamamatay nga kayo nang hindi pa napapatawad sa inyong mga kasalanan." Juan 8:24 RTPV

"Hindi hinahatulang maparusahan ang sumasampalataya sa Anak. Ngunit hinatulan na ang hindi sumasampalataya, sapagkat hindi siya sumampalataya sa kaisa-isang Anak ng Diyos." Juan 3:18 RTPV

Ikatlong Hakbang **MANAMPALATAYA NA SI JESUS LAMANG ANG TANGING TAGAPAGLIGTAS**

"Tingnan ninyo, siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29 RTPV

Sumagot si Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko." Juan 14:6 RTPV

"Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay. Sa halip, mananatili sa kanya ang poot ng Diyos."
Juan 3:36 RTPV

Ikaapat na Hakbang **TANGGAPIN SI JESUS BILANG SARILI MONG TAGAPAGLIGTAS**

"Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos." Juan 1:12 RTPV

"Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa akin ninuman." Juan 10:28 RTPV

"Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan." Juan 5:24 RTPV

Ikalimang Hakbang
TANGGAPIN NA SI JESUS AY PANGINOON AT KAIBIGAN MO NA NGAYON

"Kayo'y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang aking mga utos.: Juan 15:14 RTPV

Sumagot si Tomas, "Panginoon ko at Diyos ko!" Juan 20:28 RTPV

"Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan."
Juan 16:24 RTPV

Ikaanim na Hakbang
KILALANIN MO NA KABILANG KA NA NGAYON SA PAMILYA NG DIYOS - ANG IGLESYA

"Kinagabihan ng araw ding iyon, na unang araw ng sanlinggo, nagtipon ang mga alagad. Ipininid nila ang mga pinto dahil sa takot nila sa mga Judio at dumating si Jesus at tumayo sa kanilang kalagitnaan. Sinabi sa kanila: Kapayapaan ang sumainyo. Pagkasabi niya nito, ipinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at kaniyang tagiliran. Kaya nga, nagalak ang mga alagad nang makita nila ang Panginoon." Juan 20:19- 20 SND

"Ako nga ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin." Juan 15:5